

Update sa COVID-19 – ika-3 ng Marso 2021

ANONG BAGO?

Narito ang buwanang update sa Covid-19 ngayong Marso

PAGSUSURI SA KEMH

- Kabuuang dami ng swab tests na naisagawa at naproseso sa ngayon: Pitong libo at apatnapu (7,040)
- Kabuuang dami ng swabs na nakuha ngunit di pa nasusuri: Wala (0)
- Kabuuang dami ng positibong resulta simula noong ika-3 ng Abril 2020: Limampu't apat (54)
- Damang kasalukuyang positibong resulta sa loob ng isla: Tatlo (3)

Sa kasalukuyan, walang pasyente na may Covid-19 sa KEMH. Patuloy ang ospital sa pagsasagawa ng pinatibay na prosesong klinikal upang masiguro na ang mga kinakailangang pag-iingat ay naipapatupad sa mga *hot* at *cold area* sa loob ng ospital. Kasama ditto ang pagsusuot ng mask, *social distancing*, at *lateral flow testing* kada tatlong araw pasa mga staff na nagtatrabaho sa *hot area* ng KEMH.

UPDATE SA BAKUNA

Sa kasalukuyan ay nakapagbigay na tayo ng paunang dosis ng bakuna laban sa Covid-19 mula sa Oxford/AstraZeneca sa isang libo, pitong daan at walumpu't pitong (1,787) tao. Ito ay nagrerepresenta sa kabuuang pigura na 98.99 na porsyentong dami. Ang mga taong karapat-dapat na mabakunahan ngunit di pa rin nakakatanggap ng bakuna dahil sa mga dahilan tulad ng pagkakasakit o hindi pagsipot ay mabibigyan ng paunang dosis sa susunod na malakihang pagbabakuna, na nakatakdang magsimula sa ika 22 ng Marso 2021. Ang KEMH ay patuloy na nagsasagawa ng pagpapalano para sa susunod na bahaging ito ng programang bakuna sa Covid-19 at karagdagang detalye ay ibabahagi sa publiko sa takdang panahon.

MGA PANGANGAILANGAN SA QUARANTINE

Ang mga taong paparating sa Falkland Islands, na bibiyahe mula sa dagat o mula sa himpapawid, ay dapat na magsagawa na kanilang quarantine sa kanilang unang labing apat na araw sa isla, bilang pagsunod sa *Infectious Diseases Control (Coronavirus, Quarantine) Regulations 2021*. Mababasa mo ito sa pagbisita sa Regulations online: <https://www.legislation.gov.fk>

Ang mga taong nasa quarantine ay hindi maaaring makibahagi ng tirahan o anumang pasilidad (banyo, kusina) sa kahit sinumang wala sa quarantine. Habang nasa quarantine, ang mga indibidwal ay makakatanggap na kahit isantawag upang sila ay kamustahin at aaluking na makibahagi sa ating *surveillance swabbing programme*. Ito ay ang pagsasagawa at pagkuha ng swab para sa coronavirus sa tatlong magkakahiwalay na

pagkakataon upang masiguro na sila ay ligtas at walang impeksyon bago sila luamabas mula sa quarantine.

MGA PANGANGAILANGAN SA PAGBIYAHE – NORTHBOUND FLIGHTS

Noong ika-15 ng Pebrero, inanunsyo ng gobyerno ng UK ang mga bagong pangangailangan o *requirements* para sa mga taong bibiyahe papuntang Inglatera mula sa labas ng *Common Travel Area*, kaya't ibig sabihin ay ang mga pangangailangan na ito ay ipinapatupad sa mga taong bibiyahe papasok sa Brize Norton mula sa Falkland Islands.

Una, ang lahat na paparating sa Inglatera ay dapat na mag-quarantine sa loob ng sampung (10) araw pagkarating. Pangalawa, bago umalis para tumungo sa Inglatera, ang mga pasahero ay dapat magpa-book at magbayad para sa isang *'travel test package'*, Ina magbibigay sa mga indibidwal na magkaroon ng pagsusuri sa Covid-19 na isasagawa sa araw o bago ang pangalawang araw o sa katapusan ng pang-walong araw na quarantine.

Ang mga pagsusuri ay nagkakahalaga ng £210 at dapat na i-book sa *online portal*. Hindi ka maaring umalis sa iyong quarantine hangga't hindi ka nakakatanggap ng negatibong resulta mula sa pang-walong araw na pagsusuri at pagsasagawa ng quarantine sa loob ng sampung araw. Kung hindi mo isasagawa ang mga pagsusuri, ikaw ay maaaring mag multa ng hanggang sa £2000. Sinumang lalabas na positibo sa pagsusuri ay kailangang mag quarantine ng karagdagang sampung araw mula sa araw na kanilang isinagawa ang pagsusuri.

Makukuha ang karagdagang impormasyon mula sa website ng gobeyrno ng UK sa: <https://www.gov.uk>

MGA PANGANGAILANGAN SA PAGBIYAHE – SOUTHBOUND FLIGHTS

Simula ika-1 ng Marso, ang lahat ng mga biyahero papuntang Falkland Islands na may edad dalawa pataas ay kailangang magbigay ng katibayan na sila ay negatibo sa PCR test para sa Covid-19 na hindi lalampas limang araw bago dumating sa Senegal. Ito ay isang pangangailangan na ipinapatupad ng Republika ng Senegal at saklaw nito ang mga taong bibiyahe sa Falkland Islands, sa kadahilanang ang airbridge ay pansamantalang tumitigil sa Dakar, bago tumuloy patungong Falkland Islands.

Kailangang isagawa ng mga bibiyahe sa Falkland Islands ang mga sumusunod na hakbang bago ang kanilang flight:

- Kumumpleto ng IDC5 form at ibakik ito sa *flight booking office*
- Magsaayos na sapat na akomodasyon o tirahan para sa quarantine at ibigay ang mga impormasyon sa FIG tungkol dito
- Magsaayos ng sasakyan patungo sa kanilang akomodasyon o tirahan para sa quarantine – ang mga tao ay maaaring bumiyahang gamit ang sasakyan na itinalaga ng gobyerno o, kung gagamit ng sariling sasakyan, kailangan mong bumiyahang mag-

isa o isa pang tao o mga tao na nangangailangan ring mag-quarantine sa parehong panahon.

Paalala: Dahil sa pangangailagan sa kalusugan at kaligtasan na ipinatupad sa mga tagapagbigay ng mga sasakyan na itinalaga ng gobyerno, maaaring limitado ang kapasidad nito, at ang Penguin Travel ay may pinakamataas na kapasidad na apatnapung (40) pasahero lamang. Aming ipinapayo na huwag mag-request ng upuan sa pamamagitan ng Penguin Travel kung may ilang araw na lamang bago ang iyong takdang pagdating sa Falkland Islands, dahil kung ikaw ay maubusan ng upuan sa Penguin Travel, ang maikling panahon ay hindi sapat upang makapagsaayos ng alternatibong sasakyan.

Ang susunod na buwanang update para sa Covid-19 dito sa Falkland Islands ay sa ika-7 ng Abril 2021.